Mga Tip para Makaiwas sa Mga Scam

Gusto naming magbigay ng impormasyon sa aming komunidad kapag nagaganap ang mga bago o kilalang scam para makatulong na mas protektahan ka, ang iyong pera, at kapanatagan ng iyong isip. Gusto ng aming Financila Crimes Detail na gawin kang may kamalayan sa mga kamakailang scam sa telepono o internet bilang pagsisikap na panatilihing may alam ang aming mga miyembro ng komunidad.

Kabilang sa ilang mga scam na ito ang pag-aalok ng trabaho, pagbebenta ng bahay o pagpapaupa, at sa ilang pagkakataon ay mga pagbabanta para mga perang di nabayaran sa IRS, o pera para sa miyembro ng pamilyang naaresto o nasangkot sa aksidente. Kabilang sa iba pang scam ang pagkukumpuni ng kompyuter o mga pagbili ng mga bagay mula sa mga website tulad ng "Craigslist" o "Offer up."

Pakisuri ang impormasyong ito at ibahagi ito sa mga potensyal na biktima tulad ng nakatatandang miyembro ng pamilya o kaibigan.

Iwasang Maging Biktima

- Kung may tumawag na nagsasabing mayroon kang nakalabas na warrant para maaresto, **i-hang ang telepono at tawagan ang iyong lokal na tagapagpatupad ng batas para beripikahin.** Huwag kailanmang tawagan ang numerong binigay ng tumawag o ang numerong lumalabas sa caller ID.
- Kung may tumawag na nagsasabing may utang ka sa IRS, **i-hang ang telepono at tawagan ang iyong lokal na opisina ng IRS.**
- Ang mga ahensya ng Nagpapatupad ng Batas at IRS ay di kailanman tumatanggap ng mga wire transfer, money order, Bitcoin, iba ang cryptocurrency, o gift card bilang kabayaran.
- **Huwag kailanmang magbigay ng personal na impormasyon** tulad ng pangalan, petsa ng kapanganakan, numero ng social security o impormasyon ng bangko sa mga di-inaasahang tumatawag.
- **Huwag kailanmang sumagot sa di-inaasahang email** na hinihinging kumpirmahin mo ang personal na impormasyon tulad ng mga account sa bangko o password.
- Mag-ingat sa mga alok ng trabaho na hihilinging tumanggap ka ng mga wire transfer o tseke at magpadala ng pera sa ibang lugar.
- Kung may tumawag na nagsasabing ang isang miyembro ng pamilya ay nasangkot sa aksidente o naaresto, **tawagan ang miyembro ng pamilya at kumpirmahin kung ito ay totoo.** Huwag kailanman mag-wire transfer ng pera o bayaran ang isang tao ng mga gift card nang hindi muna bineberipika ang impormasyon.
- **Huwag kailanman pagkatiwalaan ang numerong lumalabas sa iyong caller ID.** Binibigyang-daan ng teknolohiya ang mga manloloko na pekehin ang impormasyon ng caller ID.
- Unawaing ang pagwa-wire transfer ng pera, pagbabayad gamit ang mga gift card o pagko-koreo ng mga money order sa isang tao ay tulad ng pagpapadala ng cash.

Pag-uulat ng Panloloko

Dapat iulat ang mga scam sa telepono sa Federal Trade Commission sa www.ftc.gov. Ang mga scam sa internet ay dapat iulat sa Internet Crime Complaint Center ng FBI sa www.ic3.gov. Ang parehong website ay may mga karagdagang mapagkukunan tungkol sa mga scam at pagnanakaw ng pagkakakilanlan.

Kagawaran ng Pulisya ng Long Beach
Tumawag sa Police Dispatch sa (562) 435-6711 para magulat ng kahina-hinalang gawain
o i-dial ang 9-1-1- para sa mga emergency.